

## ACTIVITY

A. Hanapin ang mga salita sa word puzzle. Bilugan o i-highlight ito.

P	Q	M	E	K	A	B	A	T	N	R	B	T	L	I	H	A	M
R	V	Y	C	U	R	O	D	A	N	R	E	B	O	G	L	A	P
O	H	S	G	N	E	H	E	M	I	A	H	J	F	K	D	L	S
T	A	P	A	O	A	I	E	A	Z	M	A	T	A	P	A	N	G
E	Z	R	A	N	P	L	X	G	O	T	U	C	R	S	B	Y	A
K	Y	Q	A	S	A	L	M	T	O	K	G	N	U	L	A	N	T
S	Z	N	T	S	D	U	G	I	H	E	P	R	U	A	T	P	A
Y	I	D	U	D	R	J	A	W	I	K	O	S	E	D	A	M	D
O	Z	R	T	A	I	C	P	A	D	E	R	O	B	F	S	E	N
N	E	S	K	R	I	B	A	L	S	X	L	I	L	A	T	O	A
J	D	H	P	R	R	F	J	A	R	T	A	X	E	R	X	E	S
G	P	A	G	T	U	T	O	L	U	Z	Y	X	D	T	N	C	R

Nehemiah  
Artaxerxes  
Hanani  
Jerusalem  
nalungkot

liham  
pader  
pagtutol  
magtiwala  
proteksyon

sandata  
governador  
Ezra  
eskriba  
batas

B. Sagutin ang mga tanong.

1. Bakit malungkot si Nehemiah nang kausapin niya si Haring Artaxerxes?

---

2. Ano ang ginawa ni Nehemiah bago simulan ang malaking trabaho ng muling pagtatayo ng mga pader?

---

3. Ano ang sinabi ni Nehemiah sa mga tao sa Jerusalem?

---

4. Paano ipinakita ni Nehemiah ang kanyang pagtitiwala sa Diyos sa buong kuwento?

---

5. Tulad ni Nehemiah, paano mo magagamit ang iyong mga kakayahan at pananampalataya upang matulungan ang iba sa iyong komunidad?

---

Si Nehemiah ay puno ng pananampalataya, katapangan, at pagtitiyaga. Nagtiwala siya sa Diyos, pinangunahan ang mga tao ng may determinasyon, at nanindigan para sa kung ano ang tama. Ang pamumuno ni Nehemiah ay tumulong sa muling pagtatayo ng pader ng Jerusalem at naglapit sa mga tao sa Diyos. Ang kanyang buhay ay nagtuturo sa atin na mahalaga ang pananalangin, pagsisikap, at higit sa lahat, ang pagtitiwala sa Diyos. Sa pamamagitan ng pagtitiwala sa Diyos, magagawa natin ang Kanyang kalooban at magtatagumpay na malalampasan ang anumang balakid.



C. Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.

Si Gabriel ay isang 11-taong-gulang na batang nakatira sa isang maliit na bayan. May espesyal siyang talento sa pagguhit at pagpipinta. Ang kanyang mga kaibigan at pamilya ay laging humahanga sa kanyang magagandang likhang sining. Gustung-gusto ni Gabriel na gumuhit ng mga larawan ng kalikasan, mga tao, at lalo na ang mga eksena mula sa mga kwento sa Bibliya.

Isang araw ng Linggo sa simbahan, ang kanilang pastor na si Pastor David, ay nagbigay ng sermon tungkol sa paggamit ng ating mga kaloob at talento upang maglingkod sa Diyos at tumulong sa iba. Nakinig ng taimtim si Gabriel at nakaramdam ng inspirasyon. Naisip niya kung paano niya magagamit ang kanyang sining upang maipahayag ang pag-ibig at mensahe ng Diyos sa iba.

Kinahapunan, umupo si Gabriel sa kanyang kwarto, napapalibutan ng kanyang mga gamit sa sining. Nanalangin siya sa Diyos, humingi ng gabay kung paano niya magagamit ang kanyang talento upang makagawa ng pagbabago. Habang siya'y nananalangin, may

dumating na ideya sa kanya. Nagpasya siyang lumikha ng isang serye ng mga painting na nagkukwento ng mga buhay ni Jesus at iba pang mahahalagang tauhan sa Bibliya.

Sinimulan agad ni Gabriel ang kanyang proyekto. Pininta niya ang mga eksena mula sa buhay ni Jesus - ang Kanyang kapanganakan sa sabsaban, ang Kanyang mga himala, at ang Kanyang pagkamatay sa krus at ang muling pagkabuhay. Pininta din niya ang mga kwento nina David at Goliath, Moses na naghahati ng Pulang Dagat, at Daniel sa yungib ng mga leon. Bawat painting ay puno ng kulay at detalye, binibigyang-buhay ang mga kwento.

Nang matapos ni Gabriel ang kanyang mga painting, ipinakita niya ito sa kanyang mga magulang. Sila'y namangha sa kanyang talento at dedikasyon. "Napakaganda ng mga ito, Gabriell!" sabi ng kanyang ina. "Dapat mo itong ibahagi sa iba upang makilala rin nila si Jesus at ang iba pang mga tao sa Bibliya at ang matutuhan ang mga aral sa kwento ng buhay nila."

Tinulungan si Gabriel ng kanyang mga magulang na mag-organisa ng isang art show sa kanilang simbahan. Inimbitahan nila ang mga kaibigan, pamilya, at mga miyembro ng komunidad upang makita ang mga gawa ni Gabriel. Sa araw ng art show, napuno ang bulwagan ng simbahan ng mga taong humahanga sa mga painting. Nakatayo si Gabriel sa tabi ng bawat painting, ipinaliwanag ang kwento sa Bibliya sa likod nito at kung ano ang kahulugan nito sa kanya.

Isang painting ang talagang nakakuha ng atensyon ng lahat. Ito ay isang painting ni Jesus na may nakabukas na mga kamay, tinatanggap ang mga bata. Ipinaliwanag ni Gabriel, "Ipinapakita ng painting na ito kung gaano tayo kamahal ni Jesus. Gusto Niya tayong lumapit sa Kanya at maranasan ang Kanyang pag-ibig."

Habang nag-iikot ang mga tao sa art show, marami ang naantig sa mga painting ni Gabriel at sa kanyang taos-pusong paliwanag. Ang ilan na hindi pa naririnig ang mga kwento sa Bibliya ay naantig sa mga makapangyarihang mensahe. Ang iba na nakakaalam ng mga kwento ay pinaalalahanan ng pag-ibig at katapatan ng Diyos.

Isang babae, si Mrs. Martinez, ang lubos na naantig. Matagal na siyang nakararamdam ng kalungkutan at parang malayo sa Diyos. Sinabi niya kay Gabriel, "Ang iyong mga painting ay nagbigay ng kaginhawaan sa aking puso. Lalo na ang painting na nagpakita ng kamatayan ni Jesus. Pinaalala nito sa akin na dahil sa pagmamahal ng Diyos ay niloob

Niyang mamatay si Jesus para sa aking kasalanan. Na ako ay hindi malayo sa Diyos dahil kay Jesus at lagi ko Siyang kasama. Salamat sa pagbabahagi ng iyong talento."

Ang art show ni Gabriel ay naging isang malaking tagumpay. Umalis ang mga tao na may inspirasyon at puno ng pag-asa. Masaya si Gabriel na nagamit niya ang kanyang talento upang maipahayag ang pag-ibig at mensahe ng Diyos sa mga tao. Patuloy niyang ginamit ang likhang sining at ibinahagi ito sa kanyang komunidad upang malaman nila ang talentong ibinigay ng Diyos sa kanya ay may layunin.

Mga tanong:

1. Anong natatanging talento ang taglay ni Gabriel?

---

2. Ano ang mensahe ni Pastor David sa simbahan na nagbigay inspirasyon kay Gabriel?

---

3. Paano ginamit ni Gabriel ang kanyang talento sa paglilingkod sa Diyos?

---

4. Ano ang naramdaman ni Mrs. Martinez matapos makita ang mga painting ni Gabriel?

---

5. Bakit mahalagang gamitin ang ating mga talento sa paglilingkod sa Diyos at pagtulong sa iba?

---

Tulad ni Nehemiah na nagtalaga ng kanyang sarili sa muling pagtatayo ng mga pader ng Jerusalem at tumulong sa mga tao na mamuhay ayon sa mga batas ng Diyos, ginamit ni Gabriel ang kanyang talento sa sining para magbahagi ng mga kuwento sa Bibliya at maipalaganap ang mensahe ng Diyos. Nanalangin siya sa Diyos para sa patnubay kung paano gamitin ang kanyang talento sa sining para sa mas malaking layunin. Ang mga batang tulad natin ay dapat na tularan ang halimbawang ito na pinakita ni Daniel. Gamit ang ating mga kakayanan at talento, ibahagi natin ang salita ng Diyos sa iba at tulongan sila sa abot ng ating makakaya.



D. Memory Verse

Anuman ang inyong ginagawa, gawin ninyo nang buong puso na parang sa Panginoon kayo naglilingkod at hindi sa mga tao. **Colosas 3:23**

